

Helping your child with literacy and numeracy at home

Filipino

# Pagtulong sa inyong anak sa karunungang pagbasa’t-pagsulat at pagbilang sa bahay

Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

NSW GOVERNMENT

**Ang libritong ito ay ginawa para sa mga magulang, tagapag-alaga at pamilya ng mga batang nasa mga unang taon sa paaralan.**

**Ito ay puno ng mga gawain na susuporta sa mahalagang pag-aaral na nangyayari sa bahay. Ang mga gawain ay dinisenyo para kayo at ang inyong anak ay masisiyahan at matutulungan ng magandang pagsisimula sa paaralan.**

**Hikayatin ang inyong anak na makisali at subukan ang mga gawain at suportahan ang kanilang mga indibidwal na mga katugunan.**

# Mga Nilalaman


## Pagbasa’t-pagsulat 4

Pagsasalita at pakikinig 5

Pagbabasa 10

Pagguguhit at pagsusulat 16

## Pagbilang 21

Mga numero at pagbibilang 22

Pagdaragdag at pagbabawas 28

Pagkilala at paggawa ng mga pagkakaayos 32

# Pagbasa't Pagsulat

## Pagtulong sa inyong anak sa pagbubuo ng kanilang kakayahan sa pagbasa't pagsulat

**Kabilang sa karunungan sa pagbasa't pagsulat ang pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at pagbabaybay. Ito ay ang kakayahan sa paghatid ng mga iniisip at damdamin, mga kaisipan at opinyon, at magkakaintindi sa mga nabigkas at nakasulat na mensahe.**



# Pagsasalita at pakikinig

Ang kakayahan sa pagsasalita at pakikinig ang siyang batayan sa pag-aaral ng inyong anak sa paaralan. Ang mga kakayahang ito ang makatutulong sa isang bata na makipag-usap sa iba, magkaroon ng mga kaibigan at aktibong makalahok sa lahat ng mga gawain sa paaralan.

Kung kayo ay nagsasalita ng isang wikang di-Ingles sa bahay, mahalagang ipagpatuloy na suportahan ang inyong anak sa paggamit ng kanilang wika sa bahay.

# Pakikipag-usap sa inyong anak


- **Makipag-usap sa inyong anak** tungkol sa ibat-ibang mga paksa, halimbawa, ang mga nangyayari sa bawat araw.
- **Magbahagi ng mga kuwento** mula sa inyong kultura, inyong mga sariling kuwento at mga kuwento ng inyong anak.
- **Ilarawan o sabihin ang tungkol sa mga bagay** habang nangyayari ang mga ito. Halimbawa, “Tayo ay maglalakad patungo sa paaralan ngayon at madaraanan natin ang parke.”
- **Makinig sa inyong anak at hikayatin na maghalinhinan sa pakikinig at pagsasalita**. Ipakita kung paano makinig at makipagtalakayan sa isang pag-uusap.
- Kung magsisimula ng isang pag-uusap o kung makikipag-usap sa inyong anak, **ang inyong mga tanong** ay hindi lamang sinasagot ng “oo” o “hindi”. Halimbawa, “Ano ang ginawa mo sa paaralan ngayong araw?”
- Gumamit ng mga tanong na **nagsisimula ng paano o bakit**. Halimbawa, “Gaano karami ang ibong nakikita mo sa parke?”
- Kung nagtatanong, **bigyan ang inyong anak ng sapat na oras sa pagsagot**.
- **Gawing kawili-wili ang mga pag-uusap**. Gumawa ng mga nakakatawang kuwento, usapan at kanta na kasama ang inyong anak.


# Paghahatid ng isang mensahe


- **Magsalaysay uli ng isang kuwento**. Pag-usapan kung ano ang nangyari sa unahan, gitna at katapusan ng kuwento.
- Pagkatapos ng pagbasa, **pag-usapan ang tungkol sa mga tauhan ng kuwento** o ang paboritong bahagi ng kuwento ng inyong anak.
- **Makipagbahagi ng mga kaisipan** kung ano ang maaaring mangyari sa pupuntahan ninyong kaganapan, katulad ng isang selebrasyon o pagpunta sa paaralan. Pagkatapos ng kaganapan pag-usapan ang mga nangyari at hikayatin na ibahagi ang kanyang mga kaisipan at damdamin.
- Suportahan ang inyong anak sa **pagbuo ng kanilang sariling kuwento** mula sa kanyang kathang–isipan. Magtanong ng katulad nito, “Tungkol sa ano ang kuwento?” “Sino ang mga tauhan ng kuwento?” “Ano ang nangyari sa kuwento?”
- **Turuan ang inyong anak ng kanilang kompletong pangalan**, lugar-tirahan, edad, araw ng kapanganakan at numero ng telepono.
- Pagkagaling sa paaralan, kumustahin ang inyong anak kung ano ang naging araw at **magtanong ng mga karagdagang impormasyon**, halimbawa, “Bakit ganoon ang naging damdamin mo?”





# Mga aklat na nakakatulong sa inyong anak na makipag-usap sa Ingles at nang mapalago ang kakayahan sa pananalita




# Pagpapalago ng salita

- **Gumamit ng mga salitang naglalarawan**. Kung ang inyong anak ay nagsabing, "May isang aso." Dagdagan niyo ang paglalarawan ng katulad sa, "Iyan ay isang maliit, mabalahibo at maputing aso."
- Palaguin ang wika ng inyong anak sa pamamagitan ng **pagtuturo ng mga bagong salita**.
- Kung nagbabasa na kasama ang inyong anak, **pag-usapan ang tungkol sa mga salitang** ginamit sa mga aklat. Magkasamang talakayin ang kahulugan ng mga salita. Baka gusto pa ninyong maghanap ng mga bago at kawili-wiling salita na mapag-usapan.
- **Magsanay** sa paggamit ng mga bagong salita sa isang pangungusap.
- **Gumawa ng mga etiketa** para sa mga bagay na nasa bahay.



# Pagbabasa

**Ang mga bata ay natututo dahil may nagbasa para sa kanila, sumasamang nagbabasa at nagsasarilihang nagbabasa.**


**Kawilihan ang magkasamang pagbabasa araw-araw. Humanap ng mga pagkakataon, halimbawa, habang naglalakad papuntang paaralan, sa bilihan ng mga aklat, sa aklatan at sa groserya.**


**Pag-usapan ang tungkol sa mga kuwento, ang wikang ginamit, mga salita sa kuwento, ganoon din ang mga tunog ng mga letra sa mga salita. Magbasa ng mga aklat sa inyong wika sa bahay.**


# Magbasa na kasama ang inyong anak araw-araw


- **Gawing masaya at nakakawili ang pagbabasa**. Ang mga bata ay matututong magbasa sa pamamagitan ng panonood, pangungupya at pakikisalamuha sa ibang tao.
- **Pagbigyan ang inyong anak na pumili at magbasa ulit ng mga aklat** na nagugustuhan nila.
- **Pag-usapan ang tungkol sa aklat** bago magsimulang basahin. Pag-usapan ang tungkol sa pamagat at kung ano ang maaaring mangyari sa kuwento.
- **Talakayin ang tungkol sa mga larawan** at kung paano nakakatulong ito sa kuwento.
- Habang nagbabasa, **magtatanong sa inyong anak** tungkol sa kuwento katulad ng, “Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?” “Bakit mo naisip yan?”
- Pagkatapos na magbasa, **pag-usapan ang tungkol sa kuwento**. Magtanong ng, “Anong bahagi ng kuwento ang pinakagusto mo?” o “Ano ang nakakapanabik, nakakatuwa o nakakalungkot sa kuwento?”
- **Maghalinhinan sa pagbasa** ng mga kinagigiliwang mga kuwento ng inyong anak at mga kapatid o kaibigan.
- **Pumili ng ibat-ibang babasahin** katulad ng mga pahayagan, magasin, paskil, karatula sa kalye, mga sangkap ng niluluto at listahan ng mabibili.


## Mga aklat sa Ingles na may mga salitang nagtutugma ang tunog















# Nawiwili sa pagbabasa, paggamit ng wika at mga salita

- **Pumili ng mga aklat na Ingles na naglalaman ng mga salitang nagtutugma ang tunog** o may bugtong.
- **Pag-usapan ang tungkol sa mga salitang nagtutugma ang tunog**. Ang Cat, hat, sat, bat ay mga halimbawa ng mga salitang Ingles na nagtutugma dahil ang tunog sa hulihan ay magkakapareho.
- **Maglaro ng mga salitang nagtutugma ang tunog** at mga nagtutugmang laro sa Ingles. Gumawa ng mga nagtutugmang pangungusap katulad ng, “Have you ever seen a snail deliver the mail?”











# Maglaro sa mga tunog ng mga letra


- **Mawili sa tunog ng mga letra**. Gumawa ng mga nakakatawang pangungusap na ginagamitan ng mga salitang nagsisimula ng magkaparehong tunog.
- Kapag nagbabasa sa inyong anak, sabihin na ituro at **bigkasin ang mga tunog** na alam niya.
- **Maglaro ng mga tunog** na nasa pangalan ng inyong anak. Magtanong ng katulad sa, “Anong tunog ang simula ng inyong pangalan?” “Ito ba ay kaparehong tunog sa unahan ng dad?”

# Mga aklat tungkol sa mga letra sa Ingles









# Pagguhit at pagsulat

**Hikayatin ang inyong anak na gumuhit at magsulat tungkol sa mga nakakaakit na bagay.**

**Tanungin ang inyong anak ang tungkol sa kanyang mga iginuhit at isinulat. Ipakitang interesado kayo sa kaniyang mga kuwento at ang mga dahilan sa pagpili ng iginuhit o isinulat.**



# Araw-arawin ang pagsulat

- **Mawili sa pagguhit at pagsulat**. Sabihin sa inyong anak na gumuhit o magsulat tungkol sa mga bagay na gustong gawin o laruin.
- **Hikayatin ang inyong anak na pag-usapan ang tungkol sa mga sinusulat**. Maaaring kabilang sa pag-usapan ang tungkol sa kanyang mga sulat-manok, guhit, letra o mga salita.
- **Gumamit ng mga ibat-ibang materyal** katulad ng tisa, papel at mga lapis, pangmarka at pluma sa pagguhit at pagsulat.
- Sabihin sa inyong anak na **isulat ang kanyang pangalan**. Maaari ring subukan ng inyong anak na isulat ang mga pangalan ng mga taong mahalaga sa kanya.
- Habang ang inyong anak ay sumusulat o gumuguhit, **pag-usapan ang tungkol sa larawang iginuguhit o ang tunog ng mga letrang isinusulat**.
- **Hikayatin ang inyong anak na gamitin ang kanyang imahinasyon** at magbuo ng mga kuwento. Maaari siyang magbuo ng isang aklat ng mga kuwento sa pamamagitan ng pagguhit ng mga larawan at pagsulat ng mga salita para sa kuwento.
- Suportahan ang inyong anak na **sumulat ng mga mensahe sa sariling wika sa bahay**.



# Pagguhit at pagsulat na may pakay

- **Hikayatin ang inyong anak na gumuhit o sumulat** ng isang listahan ng mga bilihin, o tungkol sa paboritong kapamilya, o tauhan sa isang aklat.
- **Magbuo ng isang awit o tula** at isulat ang mga salita o gumuhit ng isang larawan na isasama sa awit o tula.
- **Sabihin sa inyong anak na ilarawan** ang tungkol sa iginuguhit o isinusulat habang binubuo ang mga ito.
- Hikayatin siyang **sumulat ng isang liham** para sa isang kaibigan o kapamilya tungkol sa isang kawili-wili, nakakatawa o masayang nangyari.
- **Bigyan ang inyong anak ng isang maliit na aklat, kwaderno o tala-arawan** na maaari niyang pagsulatan o pagguhitan sa araw-araw.
- **Gumawa ng isang kard o** imbitasyon para sa isang selebrasyon o natatanging kaganapan.



# Pag-usapan ang tungkol sa mga mensahe

- Sabihin sa inyong anak na **bumuo ng isang mensahe** na gusto niyang ipadala. Maaaring ito ay isang paskil, katulad ng, “Mag-ingat sa aso”, o isang sulat para sa kanyang guro tungkol sa mga bagay na gustong gawin.
- **Gamitin ang mga ordinaryong mga salita** na bahagi na ng kultura, karanasan at interes ng inyong anak.
- **Pag-usapan ang tungkol sa mga kuwento o sulat** na ginawa ng inyong anak o binasa ninyong dalawa.
- Kung nag-uusap, suportahan ang inyong anak na **gumamit ng mga pangungusap na may iba’t-ibang mga salita**.







# Pagbilang

## Pagtulong sa inyong anak na mapaunlad ang mga kakayahan sa pagbilang

Kasali sa karunungan sa pagbilang ang pag-unawa sa gamit ng mga numero sa pang-araw-araw na sitwasyon.

Nakikita at ginagamit natin araw-araw ang mga numero. Sa pagbabasa, nandoon ang mga numero sa pahina, ang ating bahay ay may numero at kung tayo ay may bibilhin nagdaragdag o nagbabawas tayo ng mga numero.

Tulungan ang inyong anak na magbuo ng isang magandang saloobin sa pagbilang.

Mahalaga na makabuo ng mga kakayahan sa pagbilang sa sariling wika sa bahay.



# Mga numero at pagbibilang

Ang pagbilang ay maagang matutuhan ng mga bata. Kasama sa pagbilang ang:

- pagbigkas at pagtanda ng mga numero sa tamang kaayusan
- pagpaparisan ang mga numero sa mga bagay
- pagkaka-alam na ang huling numero ay kumakatawan sa kabuuang bilang ng mga bagay.

## Mga salitang gagamitin

- pagbilang ng pasulong, pagbilang ng pa-atras
- ang bilang sa unahan, ang bilang sa hulihan
- mas marami, mas kaunti
- kaparehas sa.

## Mga numero sa Ingles

| | |
|---|---|
| 0 zero | 1 one |
| 2 two | 3 three |
| 4 four | 5 five |
| 6 six | 7 seven |
| 8 eight | 9 nine |
| 10 ten | |





# Mga gawain upang mahikayat ang pag-aaral sa mga numero


- **Gumamit ng ‘dice’ na may mga numero at mga tuldok** upang makatulong sa inyong anak na makakilala ng mga numero at halaga. Itanong sa inyong anak, “Ilang tuldok ang nasa dice?”
- **Magkasamang maglaro ng mga ‘board games’** na gamit ang ‘dice’ at pagbilang.
- **Magbasa at magbahagi ng mga kuwento**. Pag-usapan ang tungkol sa pagbilang, mga halaga at mga numero na nakikita sa isang aklat, kasama na ang mga numero ng pahina.
- **Sabihin sa inyong anak na maghanap ng mga numero habang kayo ay naglalakad**. Tanungin ang inyong anak ng, “Ano ang mga numero na nakikita mo?” Pag-usapan ang tungkol sa mga numero ng mga bahay, numerong nasa plaka ng kotse at mga numerong nasa poste ng kalye.
- **Pag-usapan ang tungkol sa mga numerong** nasa mga pang-araw-araw na bagay katulad ng mga tala-orasan at mga telepono. Tulungan ang inyong anak na matandaan ang mga nakakatulong na mga numero.

## Pagtatanda ng bilang ng mga bagay o tuldok


### Pagkaayos ng tuldok sa 'dice'



### Ang mga pagkaayos ng mga tuldok




### Ang pagkaayos ng mga tuldok sa domino



# Pagbibilang na kasama ang inyong anak


- **Magbilang habang nagtatrabaho sa bahay**. Magluto ng mga madaling lutuin na kasama ang inyong anak at sabihin na bilangin niya ang mga sangkap.
- **Hikayatin ang inyong anak na tumulong sa pag-aayos ng mesa** para kainan ng pamilya. Sabihin na bilangin ang mga tao at ang mga plato, tasa, tenedor at kutsara na kailangan sa mesa.
- **Bilangin na kasama ang inyong anak** kung ilan ang butones ng kanyang uniporme sa paaralan.
- Sabihin sa inyong anak na **bilangin kung ilan ang mga bagay na nasa** kanyang pambaunan.
- **Pagbilang na pasulong**. Bilangin ang mga pang-araw-araw na bagay katulad ng mga kotse, bahay, sapatos at supot.
- **Pagbilang na paatras**. Pababa at saka pataas sa hagdanan. 10, 9, 8 ....

## Mga awit na pagbilang sa Ingles




- Here is the Beehive
- Five Little Ducks
- The Ants Go Marching
- One, Two, Buckle My Shoe
- Five Cheeky Monkeys Jumping on the Bed
- Ten Green Bottles

# Mga aklat tungkol sa mga numero at pagbilang sa Ingles

















# Pagdaragdag at pagbabawas


Kailangan ng inyong anak na magkaroon ng kaalaman sa pagdaragdag at pagbabawas. Kasama rito ang pagsasama ng dalawa o mahigit pang mga bagay at pag-aalis at paghihiwalay ng mga bagay.

## Mga salitang gagamitin

- isasama, kasali, magiging
- kulang sa, sobra sa
- lahat-lahat
- kukunin
- mga ilan pa karami

# Mga gawain na naghihikayat ng pagdaragdag

- **Magdagdag ng bilang ng mga pang-araw-araw na bagay**, mga laruan, prutas, aklat. Maaaring gamitin ng mga bata ang kanilang mga daliri sa pagbilang.
- Habang kayo ay naglalakad **idagdag ang mga bilang ng ibat-ibang mga bagay** na nakikita, halimbawa, ang mga bulaklak sa isang hardin.
- Sa isang tala-arawan, sabihin sa inyong anak na markahan ang mga araw na siya ay pumasok sa paaralan o iba pang mga gawain. Sa katapusan ng linggo, **idagdag ang bilang ng mga araw sa bawat gawain**.
- Habang namimili, pag-usapan ang tungkol sa mga kailangang bilhin. **Tanungin kung**, "Ilang saging ang para sa lahat ng pamilya?" "Kung kukuha pa ako ng isa, ilang lahat ang magiging atin?"
- **Maglaro ng mga larong naghihikayat ng pagdaragdag sa pamamagitan ng dalawang 'dice'**, halimbawa, "Snakes and Ladders."








# Mga gawain na maghihikayat ng pagbabawas

- **Pagbabawas ng mga ordinaryong bagay**. Bilangin ang mga bagay sa kanyang lalagyan ng pambaon at pagkatapos ay isa-isang bawasan ang mga laman.
- **Habang kumakain, bilangin kung ilan ang mga bagay** na nandoon. **Magtanong** ng katulad sa, “Ilang ubas na ang nakain mo? Ilan pa ang natitira?”
- Hikayatin ang inyong anak na **pansinin ang kaibahan kung may mga bagay na inalis**, katulad ng pag-alis ng mga itlog sa isang karton o pagkuha ng mga saging sa isang tangkay.
- **Umawit ng mga kantang** katulad ng “Five Little Ducks”, kung saan ang bilang ay natatapyas habang isa-isang nababawasan ang mga bagay.
- **Magtanong** ng katulad sa, “Mayroon tayong limang mansanas sa plato. Kung kinain ko ang dalawang mansanas, ilang mansanas pa ang natitira?”

## Mga aklat tungkol sa pagdaragdag at pagbabawas sa Ingles









# Pagkilala at paggawa ng mga pagkakaayos

**Ang pagkakaayos ay isang nauulit na ayos. Ito ay maaaring binubuo ng mga hubog, tunog, mga numero o mga bagay.**

**Ang mga bata ay maaaring matoto na magtanda, makakilala, makapagbuo, mangupya at magpapatuloy ng mga pagkakaayos sa kanilang mga araw-araw na ginagawa.**





## Mga salitang gagamitin

- ulitin
- ituloy
- magbuo
- kilalanin
- ilarawan
- tularan/padron
- kapareho
- naiiba

## Tandaan at kilalanin ang mga pagkakaayos


- **Kilalanin ang mga pagkakaayos** ng katulad sa ibabaw ng pambalot na papel, mga baldosa ng silid-paliguan at sa daanan ng bahay. Pag-usapan tungkol sa mga iba't-ibang pagkakaayos at kung bakit ito ang pagkaayos.
- **Talakayin ang tungkol sa mga tularan/padron.** Magtanong ng katulad sa "Bakit ito ay tularan?" "Kaya mo bang ipagpatuloy nitong tularan?"
- **Maglaro ng mga larong may mga baraha, domino o dice** upang makatulong sa inyong anak na mapansin ang mga pagkakaayos.

# Pagkukupya ng mga pagkakaayos


- Maglaro ng mga larong pagpapalakpak kung saan **papalakpak ng isang pagkakaayos** at uulitin ito ng inyong anak. Sabihin sa inyong anak na pumalakpak ng isang pagkakaayos at uulitin mo ito.
- **Magkasamang magtakda ng isang pagkakaayos ng mesa** katulad ng plato at kutsara, plato at kutsara, plato at kutsara.


# Paggawa ng mga pagkakaayos


- **Gumawa ng mga pagkakaayos na gamit ang mga pangkaraniwang mga bagay** katulad ng mga laruan at prutas.
- **Magsimula sa mga simpleng pagkakaayos** bago **magbuo ng mas mahirap** na pagkakaayos katulad ng isang mansanas, dalawang saging, isang mansanas, dalawang saging, isang mansanas, dalawang saging.




## Mga aklat sa Ingles tungkol sa mga pagkakaayos






# Mga aklat na makakatulong sa inyong anak na magkakaroon ng mga kakayahan sa pagbasa't pagsulat sa Ingles

## Mga aklat para sa pag-uusap at mga pagpapaunlad ng salita

**Dunbi the Owl** – Daisy Utemorrah, editor Pamela Lofts. Scholastic Australia

**Possum Magic** – Mem Fox, illustrator Julie Vivas. Omnibus Books

**Splosh for the Billabong** – Ros Moriarty, illustrator Balarinji. Allen and Unwin

**The Day the Crayons Quit** – Drew Daywalt, illustrator Oliver Jeffers. Harper Collins Children's Books

**The Echidna and the Shade Tree** – Mona Green, editor Pamela Lofts. Scholastic Australia

**The Little Refugee** – Anh and Suzanne Do, illustrator Bruce Whatley. Allen & Unwin Children

**The True Story of the 3 Little Pigs** – Jon Scieszka, illustrator Lane Smith. Penguin

**The Very Cranky Bear** – Nick Bland. Scholastic Australia

## Mga aklat na may nagtutugmang tunog

**Miss Spider's Tea Party** – David Kirk. Scholastic Inc

**No Way Yirrikipayi!** – Alison Lester. Pan Macmillan Australia

**Pig the Pug** – Aaron Blabey. Scholastic Australia

**Piranhas Don't Eat Bananas** – Aaron Blabey. Scholastic Australia

**Oi Cat!** – Kes Gray, Jim Field. Hachette Australia

**Sebastian Lives in a Hat** – Thelma Catterwell, illustrator Kerry Argent. Omnibus Books

**Walking Through the Jungle** – Stella Blackstone. Barefoot Books

**The Cat in the Hat** – Dr Seuss. Random House

## Mga aklat tungkol sa mga letra

**ABC Dreaming** – Warren Brim. Magabala Books

**Animalia** – Graeme Base. Picture Puffins

**Dr Seuss's ABC** – Dr Seuss. Random House

**I Spy, An Alphabet in Art** – Lucy Micklethwait. Greenwillow Book

Ang mga aklat na nakalista ay maaaring magamit sa pagbasa't pagsulat at pagbilang para sa ibat-ibang mga pakay.

**Bumisita sa aming website at maghanap ng marami pang mga nakakatulong na mapagkukunan upang matulungan ang inyong anak na magsimula nang maganda sa paaralan:**

education.nsw.gov.au/lit-and-num-at-home




# Mga aklat sa Ingles na makakatulong sa inyong anak na magkaroon ng mga kakayahan sa pagbilang

## Mga aklat tungkol sa mga numero at pagbilang

**Counting on Community** – Innosanto Nagara. Seven Stories Press, Penguin.

**Counting with Tiny Cat** – Viviane Schwarz. Walker Books

**Five Little Ducks** – Penny Ives. Child's Play International Ltd

**One is a Snail, Ten is a Crab** – April Pulley Sayre and Jeff Sayre, illustrator Randy Cecil. Scholastic Australia

**One Woolly Wombat** – Kerry Argent. Scholastic Australia

**Ten Black Dots** – Donald Crews. Scholastic Australia

**Ten Little Dinosaurs** – Mike Brownlow, illustrator Simon Rickerty. Orchard Books

**Ten Little Jarjum** – Tabulam Aboriginal Community members, editors Suzi Williams and Kate Merrifield. NSW Board of Studies

**Ten Scared Fish** – Ros Moriarty, illustrator Balarinji. Allen and Unwin

## Mga aklat tungkol sa pagdaragdag at pagbabawas

**Five Little Monkeys Play Hide-and-seek** – Eileen Christelow. Houghton Mifflin

**Ten Little Beasties** – Rebecca and Ed Emberley. Macmillan

**Ten Little Fingers and Ten Little Toes** – Mem Fox, illustrator Helen Oxenbury. Puffin Books

**Ten Little Ladybugs** – Melanie Gerth, illustrator Laura Huliska-Beith. Intervisual Books Inc

**There Were 10 in the Bed** – illustrator Wendy Straw. Sweet Cherry Publishing

**The Shopping Basket** – John Burningham. Random House

**Uno's Garden** – Graeme Base. Penguin Books, Puffin

## Mga aklat tungkol sa pagkakaayos

**Anno's Counting Book** – Mitsumasa Anno. Harper Collins

**Caterpillar and Butterfly** – Ambelin Kwaymullina. Fremantle Press

**One fish, two fish, red fish, blue fish** – Dr Seuss. Random House

**The Very Hungry Caterpillar** – Eric Carle. Hamish Hamilton Press

© State of New South Wales (Department of Education), 2020.

The copyright material published in this resource is subject to the Copyright Act 1968 (Cth) and is owned by the NSW Department of Education or, where indicated, by a party other than the NSW Department of Education (third-party material).

Copyright material available in this resource and owned by the NSW Department of Education is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International (CC BY 4.0) licence. This licence allows you to share and adapt the material for any purpose, even commercially.

Attribution should be given to © State of New South Wales (Department of Education), 2020.

Material in this resource not available under a Creative Commons licence:

- the NSW Department of Education logo, other logos and trademark-protected material
- material owned by a third party that has been reproduced with permission.
  You will need to obtain permission from the third party to reuse its material.

# Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono (Telephone Interpreter Service)

Kung kailangan ng dagdag na impormasyon mangyaring tumawag sa prinsipal ng paaralan. Kung kailangan ng tulong ng isang taga-interprete. para sa inyong pag-uusap, tumawag lamang sa Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono (Telephone Interpreter Service) sa 131 450 at humingi ng isang taga-interprete sa inyong wika. Walang bayad sa serbisyong ito.